ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# EKSPLORASYON SA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGTUTURO NG FILIPINO NA LABAS SA KANILANG KADALUBHASAAN: ISANG PENOMENOLOHIYANG PANANALIKSIK

**Floramie C. Aguspina, Lpt [1], Shirrey Ian B. Abueva, Phd [2]**
[1]*Master of Arts in Filipino, St. Mary's College of Tagum, Inc.*
*Graduate School Department, Tagum City, Philippines*
[2]*Master Teacher I, Atty. Orlando National High School, Maco Davao De Oro*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra22879
**DOI No: 10.36713/epra22879**

## ABSTRACT

*Ang mananaliksik ay gumamit ng kwalitatibong penomenolohikal na disenyo sa pananaliksik na ito upang tuklasin ang mga karanasan ng labing-apat (14) na guro sa Senior High School mula sa Maco North District, Davao de Oro, na nagtuturo ng asignaturang Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan. Pitong (7) guro ang isinailalim sa Focus Group Discussion (FGD) habang pitong (7) naman sa In-Depth Interview (IDI). Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok batay sa kanilang direktang karanasan sa pagtuturo ng Filipino. Lumabas mula sa pag-aaral ang apat (4) na pangunahing tema na naglarawan sa kanilang mga karanasan: pagkakaroon ng hamon sa paghahandang pedagohikal, pagkakaroon ng paraan at pagkatuto, pagpapakita ng pagganap at pag-unlad ng mag-aaral at pagkakaroon ng positibong pananaw sa sarili. Sa pagtugon sa mga hamon, natukoy ang tatlong tema: pagkakaroon ng suporta mula sa kapwa guro, paghahanda at pananaliksik, at paggamit ng multimedia sa gawain. Bilang suporta sa pagtuturo. Bukod dito, ibinahagi rin ng mga guro ang kanilang pananaw at mga mithiin na nagsilbing inspirasyon sa iba pang guro, na nagpakita ng apat na tema: pagiging bukas sa pagkatuto, pagiging madaling makibagay at makiangkop, pagiging mapamaraan at malikhain, at pagkakaroon ng kumpiyansa sa pagtuturo.*

*Ipinapakita ng pag-aaral ang kahalagahan ng suporta, pagkatuto, at positibong disposisyon upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na labas sa kadalubhasaan, at nagmumungkahi ng mga hakbang upang higit na mapalakas ang kapasidad ng mga guro sa ganitong kalagayan.*

**MGA SUSING SALITA**: *Penomenolohiya, Kwalitatibo, Tematikong Pagsusuri, Pedagohiya, Pagtuturo Ng Filipino Labas Sa Kadalubhasaan, Guro, Maco North District.*

## INTRODUKSYON

Ang kaalaman ng isang guro sa paksa ay ang puso ng kanyang karera sa pagtuturo (Bajar et al., 2021; Maed-Edad et al., 2024). Ang pagtuturo ng asignaturang Fillipino ay bahagi na ng ating sistema ng edukasyon sa Pilipinas, pati na ang kultura at identidad ng bansa. Sa Pilipinas may malaking gampanin ang mga kaguroan na maging handa sa pagtuturo at may kakayahan sa mga asignatura upang matugunan ang lawak ng pangangailangan ng kurikulum. Ngunit marami sa mga guro ang nahaharap sa hamon ng pagututuro ng mga paksang labas sa kanilang kadalubhasaan na maaaring magdulot ng mababang kumpyansa at Kakayahan sa kanilang pagtuturo sa kanilang pagganap sa klase. Layon nito na mabigyang linaw at tuklasin ang kanilang mga karanasan, stratehiya at pagtugon.

Sa bansang South Korea, nailahad sa dyornal nina Arendain at Limpot (2022), na ang patuloy na lumalala ng pagtuturo na labas sa kadalubhasaan ng mga guro ay dulot ng kulang sa karanasan at may limitadong kaalaman sa paksa na nagreresulta sa mababang antas ng pagkatuto ng mga estudyante. Sa Indonesia, ayon kina Oronos et. al., (2024), ang mismatch sa kadalubhasaan ng mga guro ay balakid sa kanilang karanasan bilang mga propesyonal. Kabilang dito ang kawalan ng tiwala sa sariling kakayahan, pagtaas ng antas ng stress, at ang pangangailangan ng mas mahabang oras upang pag-aralan ang asignaturang hindi saklaw ng kanilang espesyalisasyon. Sa pag-aaral nina Aventura at Viña (2023), na nailathala sa kanilang dyornal na ang bansang Turkey ay tumututol sa pagkuha ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang labas sa kanilang espesyalisasyon sa kadahilanang kulang sa kaalaman sa paksa, karanasan sa pagtuturo at propesyonal na kadalubhasaan. Ang pagtuturo ng asignaturang hindi naaayon sa kanilang larangan ay nagreresulta sa mababang antas ng pagganap ng mga estudyante sa klase.

Sa Pilipinas, lalo na sa pampublikong paaralan sa Cebu City, patuloy na nahaharap ang mga guro sa hamon ng pagtuturo ng asignaturang Filipino, isa sa mga pangunahing suliranin ay ang kakulangan ng sapat na pagsasanay at materyales sa pagtuturo, na nagdudulot ng pangamba at kawalan ng kumpiyansa sa kanilang kakayahan bilang guro. Dagdag pa rito, ang kakulangan sa mentoring at patuloy na pagsasanay ay nagiging

hadlang sa epektibong pagtuturo, na maaaring makaapekto sa kalidad ng edukasyon at pagkatuto ng mga mag-aaral (Largo & Gaihe, 2021).

Sa Munisipalidad ng Maco, ang mga guro sa Senior High School na may espesyalisasyon sa agham, matematika, TVL-SMAW, at TLE ay nahaharap sa matinding hamon kapag naatasang magturo ng asignaturang Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan. Isa sa mga pangunahing suliranin ay ang kawalan ng sapat na kaalaman sa mga prinsipyo at metodolohiyang ginagamit sa pagtuturo ng Filipino, na nagiging hadlang sa epektibong pagtuturo ng aralin. Dahil dito, madalas silang nakararanas ng kawalan ng kumpiyansa sa sarili, pangamba sa kalidad ng kanilang pagtuturo, at kakulangan sa oras ng paghahanda upang maunawaan ang mga paksang hindi pamilyar sa kanila. Bukod pa rito, nagiging hamon din ang pagsasagawa ng tamang ebalwasyon sa pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa pagsusuri ng mga malikhaing gawa tulad ng sanaysay at pananaliksik sa Filipino.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay tukuyin at suriin ang mga karanasan ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan sa mataas na pampublikong paaralan sa lalawigan ng Maco. Ang phenomenon na sinusuri sa pag-aaral na ito ay ang aktuwal na karanasan ng mga gurong nagtatalaga sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan. Kabilang dito ang mga hamon na kanilang kinakaharap tulad ng kakulangan sa sapat na kaalaman at kasanayan sa Filipino, ang pagbuo ng epektibong estratehiya sa pagtuturo, at ang patuloy na pag-angkop sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral.

Sa puntong ito, ang guro na nagtuturo ng asignaturang labas sa kanilang kadalubhasaan ay tumutukoy sa mga gurong inilaan sa pagtuturo ng Filipino kahit hindi ito ang kanilang espesyalisasyon. Sa kanilang karanasan, kinakaharap nila hindi lamang ang mga teknikal na hamon, kundi maging ang emosyonal na epekto nito tulad ng kawalan ng kumpiyansa, pagkabahala, at pagdududa sa sarili. Sa kabila nito, nagsusumikap silang makahanap ng mga paraan upang epektibong maihatid ang kaalaman at matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral.

### Mga Katanungan sa Pag-aaral

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan?
2. Paano hinaharap ng mga guro ang mga hamon sa pagtuturo ng Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan?
3. Ano-ano ang pananaw ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan?

## METODOLOHIYA

Ginamit sa pananaliksik na ito ang disenyong kwalitatibo sa pamamagitan ng penomenolohikal na pamamaraan. Nakatuon ito sa eksplorasyon at masusing pagsusuri ng mga karanasan ng mga tagapagturo ng asignaturang Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang kwalitatibong pananaliksik sa agham panlipunan, kung saan nangalap at nagsuri ng di-numerikal na datos upang matukoy ang kahulugan ng pangunahing impormasyon at higit pang maunawaan ang sosyal na konteksto ng kanilang pagtuturo. Bukod dito, layunin din ng pananaliksik na pagtuunan ng pansin ang kahulugan ng kanilang naging aksyon at karanasan, pati na rin ang mga estratehiyang kanilang ginamit upang harapin ang hamon ng pagtuturo ng asignaturang hindi saklaw ng kanilang espesyalisasyon. Sa pamamagitan ng malalimang pagsusuri, natukoy ang mga epektibong pamamaraan at adaptasyon na nagbigay-daan sa mas mataas na kumpiyansa at kahusayan sa pagtuturo.

Sa pananaliksik na ito, ang mananaliksik ay gumamit ng penomenolohikal na pamamaraan sa labing-apat (14) na kalahok na mga guro sa mataas na paaralang pambansa sa distrito ng Maco North District, Davao de Oro. Pitong (7) kalahok ang isinailalim sa focus focus group discussion (FGD) at pitong (7) kalahok naman ang isinailalim sa in-depth interview (IDI). Ayon sa mga alintuntunin, ang isang penomenolohikal na pag-aaral ay karaniwang naglalaman ng lima (5) hanggang dalawampu't lima (25) na kalahok na nakaranas ng parehong pangyayari (Creswell, 2019).

## REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

### Pagtuturo na Labas sa Kadalubhasaan

Batay sa pag-aaral ni Bugwak (2020), ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang hindi saklaw ng kanilang espesyalisasyon ay nakararanas ng mga hamon tulad ng pagsunod at pagtalima, kakulangan sa kasanayan sa wika, limitadong suporta mula sa administrasyon at logistik, kawalan ng motibasyon, pagkadismaya, at kawalan ng tiwala sa sarili habang isinasagawa ang pagtuturo. Ayon sa Philsatr Global News na binanggit sa pag-aaral ni Chi (2024), na ang pagtuturo ng mga asignaturang labas sa kadalubhasaan ay isang malaking problema sa sistemang pang-edukasyon. Ang pagtuturo ng Filipino ay isang halimbawa ng ganitong praktika. Ang mga gurong hindi espesyalista ay karaniwang mula sa ibang larangan tulad ng Agham, Matematika, Ingles at iba pa ay naaatasang magturo ng mga klase sa Filipino.

Dahil sa kakulangan ng sapat na kaalaman sa Filipino, nahirapan ang mga guro na hindi sanay sa larangan sa pagbuo at pagpapaliwanag ng mga aralin, pati na rin sa epektibong paggamit ng wika sa pagtuturo. Dagdag pa rito, ang kakulangan ng pagsasanay at suporta ay nagpalala sa kanilang kakulangan ng tiwala sa sarili, na nakaapekto sa kalidad ng kanilang pagtuturo at sa pagkatuto ng mga estudyante (Augusto, 2020; Villarasa at Dipolog, 2024).

### Balakid ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino na Labas sa Kasanayan

Ang hindi dalubhasa sa itinuturong asignatura ay nahihirapan sa pag-aangkop ng paraan sa pagtuturo. Kailangan muna nilang matutunang umangkop sa kaalaman at unawain ang estruktura at kalikasan ng disiplinang ituturo. Ang kakulangan ng guro sa kaalaman sa asignatura ay maaaring magdulot ng mga hamon sa pag-aangkop na maaaring makaapekto sa kanilang pag-unlad bilang isang guro, ang kanilang kumpiyansa at pag-uugali kapag nagtuturo ng asignaturang labas sa kanilang

kadalubhasaan. Malaki rin ang nagiging epekto nito sa mag-aaral dahil sa kakulangan ng kumpiyansa ng mga guro na maituro nang maayos at epektibo ang asignaturang Filipino (Mallari at Paming, 2020).

Ang hamon sa kakulangan ng mga rehiyonal na akdang pampanitikan ay nagdudulot din ng limitadong pananaw sa yaman ng panitikang Pilipino. Upang malampasan ito, iminungkahi nila ang pagpapalawak ng koleksiyon ng panrehiyonal na akda at ang pagtuturo nito sa mga klase bilang paraan sa pagdiskobre ng tradisyong Pilipino. Ang ganitong hakbang ay maaari ring magbigay-inspirasyon na gumawa ng mga inobatibong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan (Nazifah, 2023).

**Epekto ng Pagtuturo ng Filipino na Labas sa Kadalubhasaan**

Ang stress at pagkabalisa ay kadalasang dulot ng kakulangan ng sapat na kaalaman sa paksa (Brett-Maclean et al., 2023). Sinuportahan naman ito ni Agyapong et al., (2023) na kapag hindi pamilyar ang guro sa nilalaman ng Filipino, nararanasan nila ang pag-alala na magkamali sa pagpapaliwanag o hindi matugunan ang mga inaasahang pamantayan sa pagtuturo. Ang ganitong kakulangan sa kasanayan ay nagiging sanhi ng imposter syndrome na kung saan ang guro ay nakakaramdam ng hindi pagiging sapat para sa kanilang tungkulin. Sa ganitong kalagayan, ito ay nagdudulot ng stress at pagkabalisa sa kanila na nagreresulta sa pagbaba ng kahusayan ng mga guro sa pagganap sa klase.

Base sa pag-aaral ni Bitchayada (2024), kabilang sa mga problemang kinakaharap ng mga guro ay ang sumusunod: (1) limitadong oras para sa pagtuturo, (2) kondisyon ng kapaligiran, (3) hindi sapat na kaalaman sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo, (4) kawalan ng makabagong kagamitan, at (5) limitadong kadalubhasaan o kaalaman sa paksa. Ang mga hamong ito ay nagiging sanhi ng pagkabalisa, kaya mahalaga ang patuloy na pagpapalawak ng kaalaman sa asignatura upang higit pang mapabuti ang pagtuturo ng Filipino.

**Adaptasyon ng ga Guro sa Bagong Asignatura**

Ang asignaturang Filipino ay hindi saklaw ng pangunahing larangan ng guro ay nagdudulot ng malalaking hamon sa kanilang propesyon. Ang mga guro sa ganitong kalagayan ay kadalasang kulang sa kasanayan at kumpiyansa (Augusto, 2020). Ang kakulangan sa sapat na kaalaman sa nilalaman ng asignatura ay nagdudulot ng takot. Bukod pa rito, ang kakulangan ng angkop na pagsasanay at suporta ay nagiging sagabal sa kanilang kakayahang makapag-adapt (Gepila, 2020).

Gayunpaman, ipinapakita rin sa pananaliksik ni Mayag-as et al., (2023), ang kahalagahan ng teknolohiya at estratehiya ay nakatutulong upang malampasan ang mga balakid. Ang sapat na pagsasanay para sa paggamit ng teknolohiya ay mahalaga upang magamit ito nang epektibo sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, nagkakaroon ng maraming oportunidad ang mga guro na maihatid ang kaalaman sa mas makabago at interaktibong paraan. Dagdag pa, ang mga inobatibong ito ay nakakataas ng partisipasyon at nagpapabuti sa kakayahan ng mga mag-aaral. Ang tuluy-tuloy na suporta mula sa mga institusyon, pamahalaan, at komunidad upang matulungan ang mga guro sa kanilang adaptasyon at maipagpatuloy ang mataas na kalidad ng edukasyon (Sutiono, 2021).

**Mga Estratehiya sa Pagtuturo sa Kabila ng Kakulangan sa Kakayahan**

Tinalakay ni Siswati et al., (2023), na ang kolaboratib na pagkatuto ay nagreresulta sa kooperasyon at kalidad ng trabaho ng mga guro, ngunit maaari rin itong magdulot ng negatibong proseso ng pagkatuto. Sa kabila nito, ang paggamit ng estratehiyang ito ay nakakatulong upang mas lalong mapaunlad at masanay ng mga guro ang kaniling hilig at kaalaman sa kadalubhasaan. Ito rin ay nagbibigay-daan upang makibahagi sila sa kaalaman at karanasan ng iba pang mga guro.

Kasabay nito sa pag-aaral ni Bongcayao (2023), ang mga gurong nagtuturo ng Filipino na labas sa kanilang kadalubhasaan ay humaharap sa iba't ibang hamon, bagkus maaari nilang mapagtagumpayan. Ang kakulangan sa kaalaman at kasanayan sa asignaturang Filipino ay isang sulosyon sa programang nakatuon sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa pagtuturo. Ang pagbibigay ng patuloy na suporta at pagsasanay ay nakakatulong upang mapalakas ang kanilang kakayahan at kumpiyansa sa pagtuturo ng asignaturang ito, na mahalaga sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon. Gayunpaman, nanatili silang motibado dahil sa kanilang dedikasyon sa mga mag-aaral at sa propesyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

## MGA RESULTA AT PAGTATALAKAY

**Talahanayan 1**
**Mga Pangunahing Tema at mga Ideya ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino na Labas sa Kanilang Kadalubhasaan**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Pagkakaroon ng Hamon sa Paghahandang Pedagohikal | • paghahanap ng mga kaugnay na sanggunian<br>• pagdanas ng hirap sa pagpaplano ng aralin<br>• pagkakaroon ng hamon sa pagsagot ng teknikal na tanong<br>• pagharap sa hamon ng pag-engganyo sa mga estudyante<br>• paglikha ng kaakit-akit at kapani-paniwalang materyales<br>• pagdanas ng hirap sa teknikal na paliwanag |
| Pagkakaroon ng Paraan at Pagkatuto | • pagtutok sa panitikang aralin<br>• pagpapalaganap ng interaktibong pagkatuto<br>• paggamit ng storytelling approach<br>• pagpapalaganap ng malikhaing pagtuturo<br>• paggamit ng discussion-based learning |
| Pagpapakita ng Pagganap at Pag-unlad ng Mag-aaral | • pagpapataas ng interes ng mga estudyante<br>• paglago ng interes ng mga estudyante<br>• pagpapakita ng pagtaas ng kumpiyansa sa mga mag-aaral |
| Pagkakaroon ng Positibong Pananaw sa Sarili | • paggamit ng hamon bilang motibasyon<br>• pagkakaroon ng determinasyon sa pagtuturo<br>• pagtaas ng kumpiyansa sa sarili |

**Pagkakaroon ng Hamon sa Paghahandang Pedagohikal**

*Malaking problema talaga ang paghahanap ng mga libro, mga banghay-aralin, at mga sanggunian sa gabay kurikulum nalilito ako kung paano ko sisimulan ang lahat. FGD-04*

*Para sa akin ma'am, ang pinakamahirap na bahagi ng pagtuturo ng Filipino, lalo na kung hindi ka naman talaga Filipino major, ay ang paghahanda ng aralin.. IDI-01*

*Nahihirapan akong sagutin ang ibang mga tanong ng mga bata, lalo na kung tungkol ito sa mga teknikal na aspeto ng wika tulad ng ponolohiya, morpolohiya, at iba pang konseptong linggwistiko. FGD-02*

Ang pagkakaroon ng hamon sa paghahandang pedagohikal ng mga guro ay higit pang pinagtibay ng mga natuklasan sa pananaliksik nina Bugwak (2020), Chi (2024), Augusto (2020), at Villarasa at Dipolog (2024), inilahad nila na ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang labas sa kanilang kadalubhasaan ay nahaharap sa matinding pagsubok sa paglinang ng epektibong pedagogical strategies. Kadalasan, nagkakaroon sila ng kakulangan sa malalim na kaalaman sa nilalaman ng aralin, at ito ay naging sagabal sa kanilang kakayahang ituro ang aralin sa mga mag-aaral.

**Pagkakaroon ng Paraan at Pagkatuto**

*Mas naging kawili-wili ang aming klase, ma'am, dahil nakita kong mas interesado ang mga mag-aaral kasi naibabahagi nila ang kanilang mga karanasan na may kaugnayan sa kwento.. FGD-04*

*Mas madali para sa akin ang pagtuturo ng panitikan, lalo na ng mga maikling kwento at tula. Mas nakaka-akit ito para sa mga mag-aaral dahil may elemento ito ng pagkukuwento at pagkamalikhain. IDI-03*

*Mas madali para sa akin ang pagtuturo ng panitikan, lalo na ng mga maikling kwento at tula. Mas masaya ang mga bata at mas natuto pa sila lalo na sa mga maikling kwento. IDI-02*

Ipinapahayag ng mga guro ang kahalagahan ng paggamit ng interaktibo at makabuluhang estratehiya tulad ng discussion-based learning at student-led reporting sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino. Ipinakita sa mga pahayag ng mga kalahok na sa kabila ng hamon ng pagtuturo ng labas sa kanilang kadalubhasaan, napagtagumpayan nila ito sa pamamagitan ng malikhaing pamamaraan na nakatuon sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

Ayon kina Mallari at Paming (2020), nagiging matagumpay pa rin ang mga guro kapag sila ay may inisyatiba at kakayahang umangkop sa kalikasan ng asignatura. Ang kakayahang ito ay hindi lamang nakabatay sa kaalaman sa nilalaman kundi pati na rin sa paghahanap ng angkop na pedagogical strategies upang mabisang maihatid ang aralin sa mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Noval (2021), ang intrinsik na motibasyon ng mga guro ang nagsisilbing pangunahing gabay ng kanilang pagkatuto at pag-angkop sa kanilang sitwasyon. Sa pamamagitan ng patuloy na paglinang ng kaalaman at paggamit ng makabago at epektibong estratehiya, nagagawa nilang matiyak ang kalidad ng edukasyon na kanilang ibinibigay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Samantala, ipinakita sa pag-aaral ni Hobbs (2020) na ang dedikasyon, pagkamalikhain, at pagsusumikap ay nakatulong upang mapunan ang agwat ng kakulangan sa espesyalisasyon. Ang adaptasyon ng guro sa hamon ng pagtuturo ay isang patunay na sa pamamagitan ng patuloy na pagkatuto at aktibong pakikilahok sa mga istratehiya ng pagtuturo, nagiging posible ang epektibong pag-aaral kahit sa mayroong mga limitasyon.

**Pagpapakita ng Pagganap at Pag-unlad ng Mag-aaral**

*Mula sa mahabang panahon ng pagtuturo, napansin kong naging interesado na ang mga mag-aaral sa Filipino bunga ng aking pagpupunyagi. IDI-01*

*Napansin ko ang pag-unlad ng mga mag-aaral, at kasabay nito ay tumibay din ang tiwala ko sa sarili bilang tagapagturo. IDI-03*

*Ang patuloy na pagtuturo ng Filipino ay naging daan upang mapaunlad ko ang aking kakayahan, na tiyak kong magagamit pa sa mga susunod. IDI-07*

*Para sa akin, hindi ako tumigil sa pag-aaral at hindi rin ako naging tamad sa pagpapaunlad ng aking propesyonal na kasanayan. IDI-05*

Ayon kina Keller-Schneider (2020) at Hobbs at Porsch (2021), kahit mahirap ang pagtuturo ng asignaturang labas sa kadalubhasaan, ang patuloy na pagkatuto, suporta mula sa mga kasamahan, at pagbuo ng propesyonal na pagkakakilanlan ay nagdudulot ng pag-unlad sa guro. Dagdag pa ni Noval (2021), ang intrinsik na motibasyon ang nagsisilbing gabay ng mga guro upang magpatuloy sa kabila ng hamon, na siyang nagreresulta sa positibong tugon ng mga mag-aaral tulad ng pagtaas ng interes at kumpiyansa. Pinatotohanan din ni Bitchayada (2024) na sa kabila ng mga balakid, ang patuloy na pagpapalawak ng kaalaman ay susi sa mas epektibong pagtuturo ng Filipino.

**Pagkakaroon ng Positibong Pananaw sa Sarili**

*Noong una, labis na bumaba ang kumpiyansa ko sa sarili. Hindi man ito umabot sa puntong ako ay lubos na nabigo, ngunit talagang naapektuhan ang tiwala ko sa sarili dahil alam ko na hindi ko ito naging larangan. FGD-01*

*Naisip ko rin, "Paano kung may mga tanong na hindi ko kayang sagutin? Siyempre, baka mapahiya rin ako. IDI-01*

*Mas ginamit ko itong motibasyon upang maging mas epektibong guro. Habang tumagal ang pagtuturo ko ng asignaturang Filipino, natutuhan ko kung paano ito dalhin kahit hindi ito ang aking larangan. FGD-03*

Samantala, ayon naman kina O'Meara at Faulkner (2021), na naisaad sa pananaliksik ni Aňez (2022), ang pagiging guro ay may malaking responsibilidad, isa na rito ang pagtutok sa pagtuturo ng isang asignaturang ayon sa mga pamantayan at gabay ng kurikulum. Subalit, kung ang guro ay nagtuturo ng asignaturang labas sa kanyang espesyalisasyon, tulad ng Filipino, maaaring makaranas siya ng labis na stress at pagkabalisa. Ang ganitong sitwasyon ay hindi lamang nakaaapekto sa kanilang kakayahan sa pagtuturo, kundi pati na rin sa kanilang emosyonal na kalagayan.

Sa pag-aaral naman nina Affandi et al. (2020), isinasaad nila na kung ang guro ay kulang sa kaalaman at kasanayan sa pamamahala ng klase, maaari itong magdulot ng mas mataas na antas ng stress at pagkadismaya. Ang hindi sapat na kasanayan ay maaaring magbunga ng hindi epektibong paglahok ng mga mag-aaral at maging hadlang sa mabisang pagkatuto. Sa ganitong mga pagkakataon, ang emosyonal na hamon ng pagtuturo ay maaaring makaapekto sa kalidad ng edukasyon sa loob ng silid-aralan.

Binigyang-diin din sa pag-aaral ni Benito (2023) na ang kakulangan sa pagsasanay at karanasan sa pagtuturo ng asignaturang hindi eksperto ng guro ay may epekto sa kanilang kumpiyansa at emosyonal na kalagayan. Kapag ang guro ay nakakaramdam ng kawalan ng sapat na kaalaman at kasanayan, lumalaganap ang takot na hindi magampanan nang maayos ang kanilang tungkulin, na kalaunan ay nagiging sanhi ng emosyonal na pagkapagod at kabawasan ng kumpiyansa sa sarili.

**Talahanayan 2**
**Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Tungkol sa Pagtugon ng mga Guro sa mga Hamon sa Pagtuturo ng Filipino na Labas sa Kanilang Kadalubhasaan**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Pagkaroon ng Suporta mula sa Kapwa Guro | • pagtanggap ng gabay mula sa *senior teachers*<br>• pagbibigay ng mga gabay na aralin at *sample activities* mula sa kapwa guro.<br>• pagbibigay ng *pointers* at sanggunian ng mga kapwa guro<br>• pagiging bukas sa *feedback* mula sa kapwa guro.<br>• pagkatuto mula sa ibang guro. |
| Paghahanda at Pananaliksik | • pagbabasa at paghahanap ng kaalaman.<br>• pag-unawa sa batayang konsepto.<br>• paggamit ng iba't ibang kagamitan sa pagtuturo. |
| Paggamit ng *Multimedia* sa Gawain | • paggawa ng presentasyon<br>• pakikinig sa linya mula sa pelikula, kanta, at *vlogs*<br>• paggamit ng makatutohanang halimbawa |

**Pagkaroon ng Suporta mula sa Kapwa Guro**

*Noong una po, nahihiya pa akong magtanong, pero napagtanto ko na mas mahirap kung ako lang ang haharap sa lahat. Kaya lumalapit talaga ako sa mga nakatatandang guro, at kadalasan ay binibigyan nila ako ng mga payo kung paano magiging mas epektibo ang pagtuturo ng mga komplikadong bahagi ng Filipino. FGD-05*

*May mga pagkakataon pong hindi ako tiyak sa aralin, kaya tinatanong ko ang mga mas may karanasan. Minsan, dahil sa kanilang mga payo, naiisip ko kung paano gagawing mas maiuugnay sa karanasan ng mga mag-aaral ang aralin. IDI-03*
*May mga pagkakataon talaga na nahihirapan akong magplano ng aralin, pero dahil sa tulong ng mga guro sa Filipino, nabibigyan ako ng mga kagamitang panturo na kanila ring ginagamit. Dahil dito, nakakabuo ako ng mas mahusay na banghay-aralin. IDI-04*

Ayon kay Augusto (2020), ang mga gurong nahaharap sa ganitong sitwasyon ay kadalasang kulang sa kasanayan at kumpiyansa. Ang kawalan ng sapat na kaalaman sa nilalaman ng asignatura ay nagdudulot ng takot at kawalan ng tiwala sa sarili. Dagdag pa rito, binanggit ni Gepila (2020) na ang kakulangan sa angkop na pagsasanay at suporta ay nagsisilbing hadlang sa kakayahan ng mga guro na makapag-adapt.

Gayunpaman, ipinapakita rin sa pananaliksik nina Mayag-as et al. (2023) na ang paggamit ng teknolohiya at ang pagbuo ng mga makabagong estratehiya ay mahalagang aspeto sa pagtagumpay ng mga guro sa bagong asignatura. Ang sapat na pagsasanay sa paggamit ng mga makabagong kagamitan ay nagbibigay daan sa mas interaktibong paraan ng pagtuturo at mas mataas na partisipasyon ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin din ni Sutiono (2021) ang kahalagahan ng tuluy-tuloy na suporta mula sa mga institusyon, pamahalaan, at komunidad upang mapanatili ang kalidad ng edukasyon habang pinapalakas ang adaptasyon ng mga guro.

**Paghahanda at Pananaliksik**

*Palagi ko talaga itong ginagawa, kasi kapag may paksa na medyo mahirap intindihin, hinahanap ko ito sa libro o minsan sa Google para mas maintindihan ko. Hindi lahat ay natututunan sa training, kaya may mga bagay na ikaw mismo ang kailangang maghanap. IDI-02*

*Isa sa aking gawain tuwing hapon ay ang magbasa ng mga module at artikulo. Nakakadagdag ito sa aking kaalaman, lalo na kapag gumagawa ako ng banghay aralin. Hindi lang dahil ito ay kinakailangan, kundi para mas maging kumpiyansa rin ako sa pagtuturo. IDI-05*

*Kahit na mukhang madali lang ang paksa, kailangan talagang alam mo ang pinagmulan nito. Hindi lang sapat ang kahulugan. Kailangan talagang nauunawaan mo ang kabuohan nito at kung paano ito maiuugnay sa iba pang mga aralin. IDI- 01*

Inilahad ng mga kalahok na isinagawa nila ang masusing paghahanda sa pamamagitan ng pagbabasa ng gabay kurikulum at mga aklat na kaugnay sa Filipino. Nagsaliksik sila ng mga estratehiya at nilalaman upang mas maintindihan ang mga aralin at maipaliwanag ito nang malinaw sa kanilang mga mag-aaral. Sa kabila ng kakulangan sa pormal na pagsasanay sa Filipino, ginamit nila ang pananaliksik bilang paraan upang mapunan ang kanilang kakulangan at maitaguyod ang epektibong pagtuturo.

Sa pananaliksik ni Peñeda (2023), natutunan na ang mga gurong nagtuturo ng hindi nila espesyalisasyon ay kailangang maglaan ng mas maraming oras para sa paghahanda at pagpapalawak ng sariling kaalaman. Ang kakulangan sa teknolohikal na kasanayan at limitadong kagamitan ay nagiging hadlang sa epektibong pagtuturo at nagsusulong ng pangangailangan para sa sapat na pagsasanay (Buenviaje, 2021). Kaugnay nito, binanggit nina Siswati et al. (2023) na ang kolaboratibong pagkatuto ay epektibong estratehiya sa pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga guro.

**Paggamit ng *Multimedia* sa Gawain**

*Nagsaliksik po ako ng halimbawa at gumawa ng PowerPoint presentation, ma'am, pero noong aktwal na talakayan, napansin ko po talaga na hindi ganoon kadaling ipaintindi sa mga mag-aaral. FGD- 03*

*Ang mga estratehiyang ginagawa ko, ma'am, kapag nahihirapan ako o may mga hamon ako sa pagtuturo ng Filipino, ang una ko talagang ginagawa ay mag-Google — nagsasaliksik talaga ako, ma'am. Kasi marami naman tayong pwedeng makuhang impormasyon sa internet. Kaya nagsaliksik talaga ako, binabasa ko ang gabay ng guro, mga libro, o kung ano pa man ang maaaring makatulong para maging tama ang itinuturo ko. IDI-02*

*Nagbibigay ako ng isang gawain kung saan pinapakinggan ng mga mag-aaral ang iba't ibang linya mula sa pelikula, kanta, at vlogs. Ipinapakita namin kung paano nagbabago ang kahulugan batay sa paraan ng pagbigkas. Pagkatapos ay bumalik ako sa aralin. Sa bahaging iyon ng aralin, nagamit ko talaga ang aking kasanayan sa pagtuturo at naipapaliwanag ko ang Filipino sa mas natural na paraan. FGD-04*

Ayon kina Dicang at Molina (2023), ang epektibong estratehiya sa pagtuturo ay may malaking ambag sa pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na kung ito ay pinagsama sa kasanayan ng guro. Pinatutunayan din sa pag-aaral nina Reyes et al. (2023) na mahalaga ang patuloy na pagsasanay, partikular sa larangan ng wika, upang mapalawak ang kakayahan ng mga guro sa mga gawaing gaya ng pagsusulat, na maaaring mapahusay gamit ang mga digital na plataporma.

Gayundin, binigyang-diin ni Matalines (2023) na may positibong epekto ang teknolohiya sa paghubog ng kasanayan sa pagbasa, ngunit may mga hamon gaya ng kakulangan sa kagamitan. Sa kabila nito, ipinakita ng mga kalahok ang pagiging mapamaraan sa paggamit ng limitadong teknolohikal na resources upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo. Ayon kay Sasan (2023), ang paggamit ng metakognitibong

estratehiya ay epektibo rin sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3**
**Pangunahing Tema at Ideya Ukol sa Pananaw ng mga Guro sa Pagtuturo na Labas sa Kanilang Kadalubhasaan**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Ideya |
|---|---|
| Pagiging Bukas sa Pagkatuto | • pagtanggap sa mga bagong hamon<br>• pag-aaral ng mga bagong kaalaman<br>• pagdalo sa mga seminar at pagsasanay<br>• pagbabasa ng mga makabagong materyales<br>• pagtanggap ng mga makabuluhang puna<br>• pagiging bukas sa mga pagbabago |
| Pagiging Madaling Makibagay at Makiangkop | • kakayahang makibagay sa bagong asignatura<br>• pagiging handa sa anumang sitwasyon<br>• pagtanggap at pag-unawa sa iba't ibang istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral |
| Pagiging Mapamaraan at Malikhain | • paggamit ng mga *online na* sanggunian<br>• paggamit ng mga kagamitang *multimedia*<br>• pagsagawa ng mga interaktibong gawain<br>• pag-uugnay ng aralin sa mga tunay na sitwasyon sa buhay<br>• pagpapamalas ng inobasyon sa pagtuturo<br>• paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo |
| Pagkakaroon ng Kumpiyansa sa Pagtuturo | • pagkakaroon ng sapat na paghahanda sa bawat aralin<br>• pagpapamalas ng awtoridad sa asignatura<br>• pagiging malinaw sa paraan ng pagtuturo<br>• pagpapakita ng positibong pag-uugali |

**Pagiging Bukas sa Pagkatuto**
*Sa simula, ito ay naging mahirap, ngunit nakita ko ito bilang isang pagkakataon upang mapalawak ang aking kaalaman. IDI-04*

*Hindi ako nagtapos ng medyor sa Filipino bilang pangunahing asignatura, ngunit habang lumilipas ang panahon, unti-unti ring nabuksan ang aking isipan. IDI-07*

*Napansin kong marami akong natutuhan na hindi lamang tungkol sa asignatura kundi pati na rin sa sarili kong kakayahan bilang isang guro. IDI-01*

Ayon kina Melani at Gani (2023), ang pagiging bukas sa pagkatuto ay nakatutulong sa pagkakaroon ng motibasyon sa patuloy na pagsasanay at paggamit ng makabuluhang pedagogical na pamamaraan, na siyang nakakatulong sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsusulat, pagtuturo, at mas malalim na pag-unawa sa asignatura.

Dagdag pa rito, ipinakita nina Ningtyas at Rahmawati (2023) na ang pagiging bukas sa teknolohiyang pang-edukasyon ay isang epektibong estratehiya hindi lamang sa pagpapalawak ng kaalaman ng guro kundi pati na rin sa pagpapataas ng partisipasyon ng mag-aaral. Ang paggamit ng mga makabagong kagamitan at digital tools ay nagiging tulay upang gawing mas interaktibo at naaangkop ang proseso ng pagtuturo. Ayon sa may-akda, ang patuloy na pagkatuto ay hindi lamang nakapokus sa pagkuha ng bagong kaalaman, kundi pati na rin sa aktibong pakikilahok sa makabagong paraan ng pagtuturo, na siyang susi upang malampasan ang hamon ng pagtuturo ng asignaturang labas sa espesyalisasyon.

**Pagiging Madaling Makibagay at Makiangkop**
*Mahirap ito sa simula dahil hindi ito ang aking espesyalisasyon, ngunit nakita ko itong pagkakataon upang mas lumawak pa ang aking propesyonal na kakayahan. IDI-04*
*Nagiging mas madaling makibagay ang guro kahit hindi niya espesyalisasyon ang asignatura, basta’t bukas siya sa pag-aaral at pag-unlad. IDI- 03*

Sa pamamagitan ng pag-aaral, pakikipagtulungan, at pag-unawa sa bagong konteksto ng pagtuturo, nagawa nilang gampanan ang kanilang papel nang may bisa. Sa kabila ng mataas na antas ng stress at burnout na nararanasan ng mga gurong hindi bihasa sa Filipino, lalo na sa mga inklusibong paaralan (Candeias et al., 2020; Lagria, 2021), kinakitaan pa rin sila ng determinasyon na makibagay.

Ayon kina Cerna at Abueva (2024), ang kakulangan sa kaalaman ng isang guro ay maaaring magdulot ng maling impormasyon at hadlang sa epektibong pagtuturo, subalit sa pamamagitan ng patuloy na pagsasanay at pag-angkop, ito ay maaaring malampasan. Ipinakita rin nina Jeschke et al. (2021) na mahalaga ang pagsasanay upang maihanda ang mga guro sa pagtuturo ng paksang labas sa kanilang espesyalisasyon.

**Pagiging Mapamaraan at Malikhain**

*Naging mas mapamaraan ako sa paggamit ng mga online resources upang matulungan ang mga mag-aaral na mas maunawaan ang aralin. IDI-01*

*Nadagdagan man ang oras ng paghahanda, naging mas masigasig at mapaglikha ako bilang guro sa paghahanda ng mabisang pagtuturo. IDI- 03*

Sa pag-aaral ni Bongcayao (2023), natuklasan na bagama't nahaharap sa hamon ang mga gurong nagtuturo ng Filipino na labas sa kanilang espesyalisasyon, nananatili silang motibado at determinado sa pagbibigay ng kalidad na edukasyon. Ang pagbibigay ng tuloy-tuloy na pagsasanay at suporta ay nagsisilbing pundasyon sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman at kumpiyansa. Binibigyang-diin ni Zainudin (2023) na ang malinaw na layunin para sa kapakanan ng mga mag-aaral ay patuloy na nagbibigay-inspirasyon sa mga guro upang magsumikap.

Dagdag pa rito, inilahad nina Recede et al. (2023) ang kahalagahan ng teknolohikal na pagsasanay at paggamit ng mga makabagong kagamitan upang mapahusay ang pagtuturo ay isang patunay ng pagiging mapamaraan sa harap ng kakulangan sa mapagkukunan. Ayon naman kina Abdullah et al. (2023), mahalaga ang paggamit ng epektibong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang mapaunlad ang kaalaman ng mga mag-aaral.

**Pagkakaroon ng Kumpiyansa sa Pagtuturo**

*Mahalaga ang kumpiyansa sa pagtuturo, kahit na hindi dalubahasa sa Filipino, sapagkat ito ay nagpapakita ng kredibilidad ng isang guro. FGD-02*

*Para sa akin ma'am, ang pinakauna talaga ay ang pagkakaroon ng kasanayan sa nilalaman. Kailangan talagang pag-aralan nang mabuti ang asignatura upang maiwasan ang pagbibigay ng maling impormasyon. FGD-01*

Sa pananaliksik ni Nazifah (2023), ipinunto na ang kakulangan sa mga rehiyonal na akdang pampanitikan ay maaaring malampasan sa pamamagitan ng pagpapalawak ng koleksiyon ng panrehiyonal na akda, na nagiging inspirasyon sa mga guro na makabuo ng mga inobatibong pamamaraan sa pagtuturo. Ipinapakita ng ganitong inisyatiba ang patuloy na paghahanap ng mga guro ng paraan upang mapabuti ang kanilang pagtuturo, na siyang nagpapalakas ng kanilang kumpiyansa. Samantala, sa pag-aaral nina Utama et al. (2023), binigyang-diin ang kahalagahan ng mga gawaing pasulat at pagsasanay upang mapaunlad ang husay ng mga guro, lalo na ng mga baguhan. Ang aktibong partisipasyon sa mga ganitong gawain ay nagbibigay sa kanila ng kasanayan at katiyakan sa pagbuo ng makabuluhang aralin.

Ayon naman kina De Luna at Canet (2021), ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng Panitikang Filipino ay nakatulong hindi lamang sa paglinang ng kaalaman ng mga bata kundi pati na rin sa kumpiyansa ng mga guro sa paggamit ng modernong kagamitan. Dagdag pa rito, iginiit ni Garcia (2023) na ang tagumpay sa pagtuturo ay nakasalalay din sa kakayahan ng guro na kilalanin ang kanyang sarili at ang kanyang mga mag-aaral. Ang ganitong antas ng pag-unawa ay nagiging pundasyon ng tiwala sa sariling kakayahan. Samantala, binigyang-diin nina Del-O at Bugtong (2023) na ang patuloy na pagsasanay ay nagpapalawak sa kaalaman ng mga guro sa mga makabagong estratehiya, na higit pang nagpapalakas sa kanilang kahandaan at kumpiyansa sa pagtuturo ng Filipino.

## MGA IMPLIKASYON SA KASANAYAN SA PAGTUTURO

Batay sa mga resultang ito, makikita ang pangangailangang paigtingin ang mga pagsasanay at seminar para sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang hindi nila pangunahing larangan. Mahalaga ring magkaroon ng mentoring program kung saan makakakuha sila ng gabay mula sa mga eksperto sa asignaturang Filipino. Dagdag pa rito, ang paggamit ng teknolohiya at multimedia ay napatunayang mabisang kasangkapan sa pagpapadali ng pagtuturo, kaya nararapat lamang na palawigin pa ang akses ng mga guro sa mga kagamitang ito. Dapat ding hikayatin ang mga guro na patuloy na magsaliksik, magbasa ng materyales mula sa iba't ibang sanggunian upang mapalawak pa ang kanilang kaalaman.

Ang mga implikasyon ng pananaliksik na ito ay nagsisilbing paalala na ang pagiging guro ay hindi lamang nasusukat sa pormal na kadalubhasaan kundi sa dedikasyon, kahandaan, at pagiging bukas sa pagharap sa hamon. Ang matagumpay na pagtuturo sa labas ng sariling espesyalisasyon ay matagumpayan kung may sapat na suporta, kolaborasyon, at patuloy na pagkatuto. Sa huli, ang papel ng mga tagapamahala sa edukasyon ay mahalaga sa pagbibigay ng nararapat na interbensyon, tulong, at oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Ang kooperasyon sa pagitan ng mga guro, mag-aaral, kapwa guro, pamunuan ng paaralan, at pamilya ay susi upang mapabuti ang karanasan sa pagtuturo at pagkatuto ng asignaturang Filipino..

## PANGWAKAS NA PAHAYAG

Sa kasalukuyang panahon, kung saan kinakailangan ang mas mataas na antas ng kasanayan sa pagtuturo ng wika, isa sa mga pangunahing hamon ng mga paaralan ay ang pagtatalaga ng mga gurong hindi dalubhasa sa Filipino upang magturo ng asignaturang ito. Bagamat taglay nila ang dedikasyon sa kanilang tungkulin, hindi maiiwasan ang mga suliraning dulot ng kakulangan sa sapat na paghahanda, malalim na kaalaman, at tiwala sa sarili, na maaaring makaapekto sa kalidad ng kanilang pagtuturo. Ang kanilang limitadong karanasan ay nagdudulot ng pangamba, lalo na sa pagpapaliwanag ng mga teknikal na konsepto.

Ang pag-aaral na ito ay nagsilbing salamin ng mga tunay na karanasan, damdamin, at pagsisikap ng mga gurong nasa ganitong sitwasyon. Naipakita rin sa pananaliksik na bagama't puno ng pagsubok, nakakahanap pa rin sila ng mga kaparaanang makabuo ng makabuluhang karanasan sa pagtuturo, gamit ang sariling pananaliksik, kolaborasyon sa kapwa guro, at pagyakap sa mga bagong estratehiya.

Bilang mananaliksik at tagapagturo, naging makabuluhan ang paglalakbay na ito. Napagtanto ko na may pangangailangan para sa mas malalim na suporta sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang labas sa kanilang kadalubhasaan sa pamamagitan ng masusing pagsasanay, mentoring, at pagbibigay ng mga kaukulang kagamitan sa pagtuturo.

Sa kabuuan, ang epektibong pagtuturo ng Filipino ay hindi lamang nakabatay sa kahusayan ng isang guro sa wika, kundi sa kanyang dedikasyon, malasakit, at patuloy na pagkatuto para sa kapakanan ng mga mag-aaral. Sa kabila ng mga hamon, nananatiling dekalidad ang pagkatuto sa pamamagitan ng pagtutulungan ng buong komunidad, mula sa mga administrador, magulang, at kapwa guro, na sama-samang nagtutulongan para sa makabuluhang pagkatuto. Sa pamamagitan ng patuloy na paglinang ng epektibong estratehiya, nagagawa ng mga guro na mapanatili ang mataas na antas ng pagkatutong lingguwistiko ng mga kabataang Pilipino.

## REFERENCES

1. *Abdullah, A. A., Ahid, N., Fawzi, T., & Muhtadin, M. A. (2023). The Role of Teachers in Curriculum Development. Tsaqofah, 3(1), 23–38. https://doi.org/10.58578/tsaqofah.v3i1.732*
2. *Affandi, L. H., Saputra, H. H., & Husniati, H. (2020, August). Classroom management at primary schools in mataram: Challenges and strategies. atlantis press. In 1st Annual Conference on Education and Social Sciences (Access 2019) (pp. 263-266). https://www.atlantis-press.com/article/125943855.pdf*
3. *Agyapong, V. I. O., Burback, L., & Opoku Agyapong, V. I. (2023). Teacher stress and coping mechanisms: Implications for the classroom. International Journal of Environmental Research and Public Health, 20(9), 5625. https://doi.org/10.3390/ijerph20095625*
4. *Aňez, Reboam S. (2022). Pananaw at danas ng mga gurong Filipino: Batayan sa pagbuo ng plan of action. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 6(2),138-154. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2022/02/N22602138154.pdf*
5. *Arendain, I., & Limpot, M. (2022). Phenomenological approach of out-of-field teaching: challenges and opportunities. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 8(1), 1-6. https://eprajournals.com/IJMR/article/6483*
6. *Augusto, W. S., Jr. (2020). Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng filipino bilang out-of-field: Isang penomenolohikal na pagsusuri. The Normal Lights, 14(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v14i2.1651*
7. *Aventura, J., & Viña, M. (2023). Out-of-Field Teaching: The Endeavors of Junior High School Teachers Teaching Non-Specialized Subjects. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal, 8(4), 469-481. https://scimatic.org/storage/journals/11/pdfs/1195.pdf*
8. *Bajar, J. T. F., Bajar, M. a. F., & Alarcon, E. P. (2021). School learning action cell as a remedy to out-of-field teaching: a case in one rural school in Southern Philippines. International Journal of Educational Management and Innovation, 2(3), 249. https://doi.org/10.12928/ijemi.v2i3.3667*
9. *Benito, J.J.L. (2023). Kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang filipino sa antas sekondarya. Global Scientific Journals, 11(2), 2842- 2844.*
10. *Bitchayda, Russel (2024, May 31). Danas ng mga guro sa pagtuturo ng batayang pananaliksik sa filipino ng rehiyon iv-a calabarzon south cluster.*
11. *Bongcayao, A. A. (2023). Capacitating teachers' research skills through collaborative action research buddies. International Journal of Multidisciplinary Applied Business and Education Research, 4(4), 1137–1142. https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.04.11*
12. *Brett-MacLean, P., Burback, L., & Agyapong, V. I. O. (2023). Interventions to Reduce Stress and Burnout among Teachers: A Scoping Review. International Journal of Environmental Research and Public Health, 20(9), 5625. https://doi.org/10.3390/ijerph20095625*
13. *Buenviaje, N. R. D. (2021). Kahandaan ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang filipino sa paggamit ng Google classroom. EPRA International Journal of Research & Development (IJRD), 424–436. https://doi.org/10.36713/epra7754*
14. *Bugwak, Elven R. (2020). Travails of out-of-field teachers: A qualitative inquiry. Journal of World Englishes and Educational Practices (JWEEP), 3(2), 1-22. DOI:10.32996/jweep.2021.3.2.4.https://alkindipublisher.com/index.php/jweep/article/view/1345*
15. *Candeias, A. A., Galindo, E., Calisto, I., Borralho, L., & Reschke, K. (2020). Stress and burnout in teaching. Study in an inclusive school workplace. Health Psychology Report, 9(1), 63–75. https://doi.org/10.5114/hpr.2020.100786*
16. *Cerna, N. C. B., & Abueva, N. S. I. B. (2024). Pakikihamok ng mga BSED-Filipino pre-service teachers sa pagbabalik ng in-person practicum: isang kwalitatibong pananaliksik. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 77–83. https://doi.org/10.36713/epra16025*
17. *Chi, C. (2024, August 30). 62% of high school teachers teaching outside their field, new report reveals. Philstar Global Corp. https://www.philstar.com/headlines/2024/08/30/2381647/62-high-school-teachers-teaching-outside-their-field-new-report-reveals*
18. *Creswell, J. W. (2019). Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Method Approaches. Sage Publications.*
19. *De Luna, M. C., & Canet, L. (2021). Languages of empathic teaching: An overview of Bulsu Hagonoy campus faculty members' role as second parents to students. SSRN Electronic Journal. https://doi.org/10.2139/ssrn.3794145*
20. *Del-O, A. T., & Bugtong, E. B. (2023). Mga epektibong kagamitang panteknolohiya sa pagtuturo ng panitikang Filipino. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 258–273. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.021*
21. *Gepila, E. C., Jr. (2020). Assessing teachers using Philippine standards for teachers. Universal Journal of Educational Research, 8(3), 739–746. https://doi.org/10.13189/ujer.2020.080302*
22. *Hobbs, L. (2020). Learning to teach Science out-of-field: A spatial-temporal experience. Journal of Science Teacher Education, 31 (7), 725–745. doi:10.1080/1046560X.2020.1718315.*
23. *Hobbs, L., & Porsch, R. (2021). Teaching out-of-field: challenges for teacher education. European Journal ofTeacher Education,44(5),601-610. https://doi.org/10.1080/02619768.2021.1985280*
24. *Jeschke, C.,Kuhn, C., Heinze, A., Zlatkin-Troitchanskaia, O., Saas, H., & Lindmeier, A.M. (2021, July). Teachers' ability to*

*apply their subject-specific knowledge in instructional settings- A qualitative comparative study in the subjects. DOI: 10.5281/zenodo.7871380*

25. *Keller-Schneider, M. 2020. "Berufseinstieg von Lehrpersonen. Herausforderungen, Ressourcen und Angebote der Berufseinführung." Journal Für Lehrerinnenbildung 20 (3): 64–73. doi:10.35468/jlb-03-2020_06.*
26. *Largo, R. C., & Gaihe, M. A. Q. (2021). Filipino language teachers: Skills and challenges encountered in the industry. International Journal of Multidisciplinary Research and Publications, 4(4), 99. https://ijmrap.com/wp-content/uploads/2021/10/IJMRAP-V4N4P99Y21.pdf*
27. *Maed-Edad, N. a. D. A., Maed-Fil, N. M., & Rolida, N. D. M. (2024). Karanasan ng mga guro sa paggamit ng metakognitibong pagbasa sa pagtuturo ng Filipino: Isang penomenolohiyang pag-aaral. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 556–563. https://doi.org/10.36713/epra16298*
28. *Mallari, R., & Paming, E. (2020). Isang pagsisiyasat sa mga akdang pampanitikan sa ikaapat na antas ng batsilyer ng elementarya at edukasyon sa paglinang ng mga pilosopiyang likas at pagpapahalagang moral na ginagamit sa pagtuturo sa pamantasan ng Cabuyao. JPAIR Multidisciplinary Research, 42(1), 53–62. https://doi.org/10.7719/jpair.v42i1.808*
29. *Matalines, A. M. (2023). Teachers' linguistic competence, teaching skills and students' linguistic competence: Basis for a training design. Technium Social Sciences Journal, 40, 41–70. https://doi.org/10.47577/tssj.v40i1.8386*
30. *Mayag-as, R. B., Tomas, R. a. L., Hidalgo, B. L., Ngawa, R. S., & Fernandez, N. A. (2023). Kaalaman ng guro sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 3(12), 176–190. https://doi.org/10.47760/cognizance.2023.v03i12.015*
31. *Nazifah, L. M. (2023). Pagpapalawak ng Panitikang Rehiyonal: Isang Panukala sa Makabansang Pagtuturo ng Panitikan. Journal ng Panitikang Filipino, 15(1), 45–58.*
32. *Noval, A. T. (2021). Ang guro bilang frontliner: Karanasan ng mga guro sa Filipino sa panahon ng pandemya. The Normal Lights, 15(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v15i2.1848*
33. *O'Meara, N., & Faulkner, F. (2021). Professional development for out-of-field post-primary teachers of mathematics: an analysis of the impact of mathematics specific pedagogy training. Irish Educational Studies, (1)20. https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/03323315.2021.1899026*
34. *Oronos, J.. R., Tumacder, S., L., P. (2024). Out-of-field specialization teaching. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10(3), 84-93. https://eprajournals.com/IJMR/article/6483/abstract *
35. *Peñeda, F. P. (2023). Mga pananaw ng mga gurong nagsasanay tungkol sa collaborative learning. International Journal for Multidisciplinary Research, 5(4). https://doi.org/10.36948/ijfmr.2023.v05i04.5397*
36. *Recede, R. a. A., Asignado, R. A., & Castro, M. A. (2023). Out-of-field teaching: Impact on teachers' self-efficacy and motivation. International Journal of Multidisciplinary Applied Business and Education Research, 4(2), 519–533. https://doi.org/10.11594/ijmaber..04.02.19*
37. *Reyes, N. R. B. D., Tongkoh, N. a. L., & Chavez, N. J. V. (2023). Transitional challenges and factors affecting English-speaking learners in learning the Filipino language. Journal of Namibian Studies History Politics Culture, 33, 1720–1744. https://doi.org/10.59670/jns.v33i.3141*
38. *Sasan, J. M. (2023). Enhancing English proficiency for Filipinos through a multimedia approach based on constructivist learning theory. Lingua Franca, 2(2), 51–65. https://doi.org/10.37680/lingua_franca.v2i2.2422*
39. *Siswati, B. H., Suratno, S., & Hariyadi, S. (2023). Improving the pedagogical competence of teachers through collaborative learning training at MA Nurul Islam Silo Jember. Deleted Journal, 6(1), 1. https://doi.org/10.30998/jurnalpkm.v6i1.13885*
40. *Sutiono. (2021). Teacher professionalism. Tahdzib Al-Akhlaq Journal of Islamic Education, 4(2), 16–25. https://doi.org/10.34005/tahdzib.v4i2.1569*
41. *Utama Ningtyas, H. A., & Rahmawati, L. E. (2023). The feasibility of content, presentation, language, and graphic aspects of descriptive text teaching materials in Grade VII SMP. IMAJERI Journal of Indonesian Language and Literature Education, 6(1), 52–71. https://doi.org/10.22236/imajeri.v6i1.10977*
42. *Zainudin, Z. (2023). Improving teacher performance in classroom learning through collaborative educational supervision. Journal of Supervision and Managerial Supervision (JKSM), 1(3), 113–119. https://doi.org/10.61116/jksm.v1i3.210*